Tumayo kayo at manalangin ako para sa inyo

Ayon kay Anas bin Malik malugod si Allah sa kanya ((Natagpuan niya si Mulaykah na inimbitahan niya ang sugo ni Allah pagpalain siya ni Alllah at pangalagaan,sa pagkain na ginawa nito,kumain siya rito,pgkatapos ay nagsabi siya:Tumayo kayo at manalangin ako para sa inyo? Nagsabi si Anas: Tumayo ako sa kama namin na talagang nangitim na dahil sa tagal na paggamit nito,at hinugasan ko ito ng tubig,Tumayo dito ang sugo ni Allah pagpalain siya ni Alllah at pangalagaan,at naglinya ako at ang ulila sa likod niya,at ang matanda ay sa likod namin,at nagdasal siya para sa amin ng dalawang tindig,pagkatapos ay umalis)) At sa kay Muslim:((Na ang sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay nagdasal para sa kanya at sa ina niya,pinatiayo niya ako sa kanan niya at pinatayo niya ang babae sa likod namin))

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim - Napagkaisahan ang katumpakan]

Inimbitahan ni Mulaykah malugod si Allah sa kanya ang Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan sa pagkain na ginawa nito,At ibinigay sa kanya ni Allah pagkataas taas niya ang pinaka-mataas na antas ng karangalan at pinakamataas na pag-uugali,at kabilang dito ay ang sobrang pagpapakumbaba,At siya ay nag-aangkin ng napakataas na karangalan at napakataas na pagkatao,Tumutugon sa imbitasyon ng malaki at maliit,at nang lalaki at babae,At nang mayaman at dukha,Gusto niya sa mga ito ang mga layunin na maganda,at mga intensiyon na marangal mula sa pagtugon sa mga puso ng mga nagluluksa,at pagpakumbaba sa mga mahihirap,at pagturo sa mga mang-mang,at maliban pa doon, mula sa mga intensiyon nitong kabutihan.Hanggang sa dumating siya sa may-ari ng imbitasyon na ito ,At kumain siya sa pagkain nito,Pagkatapos ay sinamantala niya ang pagkakataon na ito upang maturuan silang mga mahihina,sila siguro ang mga hindi nakikipagsik-sikan sa mga malalaking tao sa mga pinagpupulungan nitong pinagpala.Inutusan niya sila na tumindig upang makapag-dasal sa kanila,upang matuto sila sa kanya ng pamamaraan sa pagdarasal,at sinadya ni Anas na gamitin ang kama na luma,nangitim dahil sa tagal na pananatili nito at paggamit,at hinugasan niya ito ng tubig,At tumayo siya-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-upang magdarasal para sa kanila,at tumayo sa linya si Anas,at ang ulila ay kasama nito,sa isang linya sa likod ng propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan,at tumayo sa linya ang matanda-may-ari ng imbitasyon-sa likod ni Anas at nang ulila,na magdadasal kasama nila,At nagdasal siya para sa kanila ng dalawang tindig(Raka-ah),Pagktapos ay umalis ang propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan,pagkatapos na magampanan ang karapatan sa pag-imbita at ang pagtuturo,Pagpalain siya ni Allah at pangalagaan,At pinagpala tayo ni Allah sa pagsunod sa kanya,sa mga gawain niya at mga pag-uugali niya.